

## **PONDO PARA SA LIGAL NA KILOS NG MAMIMILI (CONSUMER LEGAL ACTION FUND)**

### **1. Ano ang Pondo para sa Ligal na Kilos ng Mamimili?**

Ang Pondo para sa Ligal na Kilos ng Mamimili ("Pondo") ay isang ipinagkatiwalang pondo na itinayo upang bigyan ang mamimili mas higit na daan sa mga ligal na remedyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pinansyal at tulong na ligal. Ang Pondo ay naglalayong magbigay ng tulong sa mga sumusunod na kalagayan:

- (a) tulungan ang mga mamimili na magdala o ipagtanggol ang mga aksyong ligal;
- (b) tulungan ang mga mamimili na ituloy ang magkasanib na mga paghahabol mula sa pareho o parehong serye ng transaksyon na may magkaparehong tanong sa batas o katotohanan;
- (c) magkasamang tipunin na may pangangasiwa ang mga mamimili na may magkakatulad na mga sanhi ng pagkilos at paghahabol at mag-ayos para sila ay sabay o magkakasunod na madinig;
- (d) dalhin ang pagkilos sa interes ng publiko; at
- (e) hawakan ang mga kasong makabuluhan sa interes ng mamimili.

Ang Konseho ng Mamimili ("Tagapagkatiwala") ay ang tagapagkatiwala ng Pondo at pinapayuhan ng isang Komite ng Pamamahala tungkol sa pagiging karapat-dapat at mga katangian ng mga kaso na humihingi ng tulong sa ilalim ng Pondo.

Ang ligal na tulong ay maaaring nasa anyo ng payo, tulong at pagkatawan ng isang abugado o tagapayo. Ang mga kasong humihingi ng tulong sa ilalim ng Pondo ay karaniwang naubos na ang lahat ng iba pang mga paraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan (hal. pakikipagkasundo at pagpapamagitan, atbp.) Bilang resulta, hindi saklaw ng ligal na tulong ang pagtulong sa aplikante sa pagpapamagitan bilang bahagi ng proseso ng paglilitis.

### **2. Sino ang maaaring mag-apply ng ligal na tulong?**

Maaari kang mag-apply para sa ligal na tulong sa ilalim ng Pondo kung ikaw ay isang mamimili o isang pangkat ng mga mamimiling nasangkot sa isang bagay na:

- (a) nauugnay sa mga transaksyon ng mamimili, lalo na ang:
  - (i) hindi nabebentang mga kalakal, kabilang ang pagkain at mga gamot;
  - (ii) mga madaya o walang prinsipyong gawain sa pangangalakal;
  - (iii) hindi patas at malabis na patakaran ng kontrata;
  - (iv) mga sugnay ng eskemsiyon sa mga kontrata ng mamimili;
  - (v) huwad o nakalilinlang na mga pahayag sa patalastas;
  - (vi) huwad na paglalarawan ng kalakal;

- (vii) maling paglalarawan o maling pagpapalabas ng mga kalakal, serbisyo o tunay na pag-aari; o
  - (viii) anumang iba pang kasong makabuluhan sa interes ng mamimili: o
- (b) kinasasangkutan ng makabuluhang interes ng mamimili o kawalan ng katarungan,

at naubos mo na ang lahat ng iba pang mga paraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa bagay na ito at ikaw ay hindi kwalipikado para sa anumang anyo ng ligal na tulong, Gayunpaman, ang Tagapagkatiwala ay may pagpapasya sa pagbibigay o pagtanggap ng tulong sa mga naaangkop na kaso.

### 3. **Ano ang paraan sa pag-apply para sa tulong?**

- (a) Maaari mo munang ihain ang iyong kaso sa isa sa aming mga Opisyal para sa Mga Reklamo at Pagpapayo sa isa sa aming mga Sentro ng Pagpapayo, sa pagpunta, sa sulat o sa telepono. Kung ang kaso ay maaari naming hawakan, susubukan naming lutasin ito sa pamamagitan ng mga naaangkop na pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan. Kapag nabigo ang mga ito at ikaw at iyong kaso ay nararapat para sa tulong sa ilalim ng Pondo, maaari mong punan ang Aplikasyon para sa Ligal na Tulong ("Aplikasyon"). Ang aming mga Opisyal ay maaaring tumulong sa iyo para punan ang aplikasyon at sagutin ang iyong mga katanungan. Isang seryosong bagay ang paggamit ng pampublikong pondo upang ipursigi ang iyong mga ligal na remedyo, ang Tagapagkatiwala ay umaasang ibunyag mo ang ganap, tunay at tamang impormasyon at ganap na makipagtulungan bago, habang at hanggang sa pagtatapos ng iyong kaso.
- (b) Mayroong bayarin sa aplikasyon na HINDI-MAIBABALIK na babayaran sa panahon ng aplikasyon. Kung ang iyong kaso ay lilitisin sa Hukuman para sa Maliliit na Singilin (Small Claims Tribunal), ang bayarin sa aplikasyon ay HK\$100. Kung ang iyong kaso ay lilitisin sa Pandistritong Hukuman o ibang mas mataas na hukuman, ang bayarin sa aplikasyon ay HK\$1,000.
- (c) Mayroong Kasunduan sa Tinutulungang Mamimili ("Kasunduan") na may kopya at kasama sa bawat Aplikasyon. Isa itong IMPORTANTENG dokumento na namamahala sa iyong ugnayan sa Tagapagkatiwala, habang at kapag ang ligal na tulong ay ibinigay sa iyo. Dapat mong pag-aralan ng mabuti ang mga alituntunin nito. Kapag ikaw ay sumasang-ayon sa mga probisyon nito, ikaw ay pipirma sa Kasunduan at ibalik ang parehong pinirmahang kopya sa Tagapagkatiwala sa lalong madaling panahon .
- (d) Mangyaring tandaan na ang pagsumite ng Aplikasyon at pagbayad sa singil ng aplikasyon ay hindi nagbibigay ng katiyakan na ang tulong sa ilalim ng Pondo ay maibibigay.

### 4. **Ano ang iba pang kadahilanang isinasaalang-alang ng Tagapagkatiwala?**

Kapag isinasaalang-alang kung ikaw ay bibigyan ng tulong o hindi, isinasaalang-alang ng Tagapagkatiwala, sa partikular, ang mga sumusunod:

- (a) kung may pangkat o maaaring may malaking pangkat ng mamimili na masamang naapektuhan;

- (b) kung ang hakbang sa hukuman ay ang pinakamabisang paraan ng paglutas sa mga pangyayari;
- (c) ang pagiging sulit sa gastos ng hakbang;
- (d) ang pagkakataon sa pagtatagumpay ng kaso;
- (e) iyong kakayahang tumawad;
- (f) ang mga katanungan ng katotohanan o karaniwang batas sa iyong pangkat (kung may pangkat na nasangkot);
- (g) laki ng iyong pangkat (kung naaangkop);
- (h) ang pinansyal na seguridad ng ibang partidong nasangkot;
- (i) kung, matagumpay, ang kaso ay may halaga ng pagsasapubliko at maitaguyod ang ipinaglalaman ng mamimili at magdudulot ng takot sa mga walang prinsipyong gawain sa pagnenegosyo;
- (j) kung ang kaso ay makalilikha ng hindi ninanais na pinansal na pasanin sa Pondo; at
- (k) ang pagiging praktikal ng Pondo sa pagkakaloob ng napapanahong tulong sa kaso.

**5. Mayroon bang pagsubok sa pangangailangan ng mga aplikante?**

Ang mga aplikante para sa tulong sa ilalim ng Pondo ay hindi kinakailangang sumailalim sa iniutos na pagsusubok sa pangangailangan upang maging karapat-dapat para sa tulong. Gayunpaman isasaalang-alang ng Tagapagkatiwala ang pinansyal na mapagkukunan ng mga aplikante sa pagpapasya kung tatanggapin o tatanggihan ang isang partikular na kaso. Maaaring hilingin sa iyo na magbigay ng mga detalye ng iyong mga pinansyal na mapagkukunan.

**6. Ano ang sunod na mangyayari?**

Ipapaalam sa iyo ng Tagapagkatiwala kung ang iyong aplikasyon para sa tulong ay tinanggap o hindi. Kung ikaw ay binigyan ng ligal na tulong, isasagawa rin ng Tagapagkatiwala ang Kasunduan, lalagyan ng petsa at magbibigay ng isang kopya para iyong ingatan. Ang iyong kaso ay tutulungan ng Pondo pagkatapos.

**7. Mayroon bang anumang bayad bukod sa bayad sa pagpaparehistro?**

Kung ang iyong kaso ay hindi matagumpay, hindi mo kailangang magbayad ng karagdagang kabayaran. Babayaran ng Pondo ang lahat ng iyong gastos. Dapat bigyang diin na kapag hindi matagumpay ang iyong kaso dahil sa iyong pagkakamali o hindi mo pagbibigay ng ganap, tunay at tamang impormasyon sa Tagapagkatiwala nang mag-apply para sa tulong, dapat mong panagutan ang lahat ng mga pagkalugi, gastos, singilin, pinsala at pananagutang pinasan kaugnay ng iyong kaso at pagbibigay ng tulong sa iyo ng Tagapagkatiwala.

Kung ang iyong kaso ay matagumpay, magbabayad ka ng kontribusyon sa Pondo na kinakalkula tulad ng sumusunod:

- (a) ang aktwal na ligal na gastos na binayaran sa iyong kaso BAWAS ang anumang gastos na babayaran at nakuha mula sa kabilang partido;
- (b) lahat ng ibang halagang binayad para sa iyong kaso mula sa Pondo;at
- (c) 10% ng halaga ng pera (hindi kabilang ang mga gastos na nakuha mula sa kabilang partido) tinanggap sa ngalan mo, ang halaga ng nakuhang pag-aari o iningatan para sa iyo, ang halaga kung saan ang iyong pananagutan ay nabawasan o pinakawalan o ang halaga ng anumang pakinabang na nakuha mo sa kaso ("Halaga ng Pakinabang").

Ang kontribusyon ay mayroong hangganan: 25% para sa mga kasong maaaring o talagang tinukoy ng Hukuman para sa Maliliit na Singilin at 50% para sa lahat ng iba pang mga kaso, na may Halaga ng Pakinabang.

Ang iyong kaso ay itinuturing na matagumpay sa mga kalagayang kabilang ang pera o pag-aaring natanggap, nabawi o iningatan para sa iyo o pinahintulutang ingatan mo o anumang pakinabang na nakuha mo o mga paghahabol laban sa iyo na ibinagsak.

Ang Tagapagkatiwala ay maaaring, sa naaagkop na mga kalagayan, bawasan o iurong ang babayaranang kontribusyon.

**8. Paano binabayad ang pera?**

Ang lahat ng perang ibabayad sa iyo sa iyong kaso ay unang ibibigay sa Tagapagkatiwala. Anumang perang natanggap para sa mga gastos ay gagamitin para bayaran ang mga ligal na gastos at iba pang halagang ibinayad para sa iyong kaso. Ang lahat ng ibang pera ay ibabayad sa nasabing bahagi ng babayaranang kontribusyon na hinihiling ng Tagapagkatiwala. Ang balanse ay ibibigay sa iyo sa lalong madaling panahon. Kung ang iyong kaso ay matagumpay ngunit hindi dahil may perang babayaran, ikaw ay magbabayad ng kontribusyon kapag at kung mananawagan sa iyo ang Tagapagkatiwala na gawin ito.

**9. Maaari ka bang pumili ng abugado o barrister?**

Itatalaga ng Tagapagkatiwala ang abugado at, kung kinakailangan, ang upang hawakan ang iyong kaso.

**10. Maaari bang wakasan ang ibinigay na ligal na tulong?**

Ang Tagapagkatiwala sa anumang oras sa pagbibigay ng abiso sa iyo ay maaaring wakasan ang kasunduan nito sa pagbibigay sa iyo ng ligal na tulong. Sa mga ganitong kalagayan, ang tulong ay ititigil sa pagkakaloob at ikaw at ang Tagapagkatiwala ay parehong hindi mapapailalim sa karagdagang obligasyon o pananagutan sa isa't isa.

Ngunit kung winakasan ng Tagapagkatiwala ang kasunduan sa pagkakaloob ng tulong dahil sa iyong pagkakamali o hindi mo pagbibigay ng ganap, tunay at tamang impormasyon sa Tagapagkatiwala nang mag-apply para sa tulong, dapat mong panagutan ang lahat ng mga pagkalugi, gastos, singilin, pinsala at pananagutang pinasan kaugnay ng iyong kaso, ang pagbibigay ng tulong sa iyo at ang pagkaputol.

Ang impormasyon sa pamplet na ito ay para sa sanggunian lamang. Mangyaring sumangguni sa Aplikasyon at sa Kasunduan para sa mga karapatan at obligasyon mo at ng Tagapagkatiwala.

[Form 1]

**PONDO PARA SA LIGAL NA KILOS NG MAMIMILI  
APLIKASYON PARA SA LIGAL NA TULONG**

**Bahagi 1 Mga Detalye ng Aplikante**

1. Pangalan (Ingles) \_\_\_\_\_  
(Tsino)

\_\_\_\_\_

2. Numero ng H.K. Identity Card / Mga Detalye ng Mga Papel ng Pagkakakilanlan

\_\_\_\_\_

3. Address ng Tirahan \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Telepono: \_\_\_\_\_ Fax: \_\_\_\_\_

Address ng Pakikipag-ugnayan \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Telepono: \_\_\_\_\_ Fax: \_\_\_\_\_

4. Trabaho \_\_\_\_\_

**Bahagi 2 Mga Detalye ng Kaso**

5. Mangyaring dagliang banggitin ang iyong kaso :-

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

6. Mangyaring banggitin ang mga layunin ng aplikasyong ito :- #

Magsasampa/Mag-aapela \_\_\_\_\_ Magtatanggol \_\_\_\_\_ Magpatuloy ng kilos \_\_\_\_\_

(Kilos Blg. \_\_\_\_\_ (kung naaangkop))

# markahan ng [X] ang patlang

7. Nag-apply ka ba ng ligal na tulong sa ilalim ng Pondo para sa Ligal na Kilos ng Mamimili noon? #Oo \_\_\_\_\_ Hindi \_\_\_\_\_  
Kung oo, mangyaring banggitin ang mga detalye :-

---

---

8. Nag-apply ka ba sa Kagawaran ng Legal Aid para sa anumang anyo ng ligal na tulong kaugnay sa kasalukuyang kaso?

#Oo \_\_\_\_\_ Hindi \_\_\_\_\_

Kung oo, mangyaring banggitin ang kinalabasan :

nakabinbin na resulta \_\_\_\_\_

tinanggihan ang kaso \_\_\_\_\_

tinanggap ang kaso \_\_\_\_\_

9. Naglatag ka ba ng anumang reklamo o naghanap o nakatanggap ng anumang payo, kaugnay sa kasalukuyang kaso sa o mula sa pulisya, mga kaugnay na kagawaran ng pamahalaan, kawanihan o mga hukumang humahawak sa mga reklamo (hal. Komisyonado para sa Reklamong Administratibo, Kawanihan ng Mga Reklamo sa Paniningil sa Insurance), mga abugado at iba pa?

#Oo \_\_\_\_\_ Hindi \_\_\_\_\_

Kung oo, pakibanggit ang mga detalye :- \_\_\_\_\_

---

---

---

10. Pinagmulan ng Sanggunian :- #

Sariling Aplikasyon \_\_\_\_\_

Konseho ng Mamimili \_\_\_\_\_ Blg. ng Sanggunian sa Kaso \_\_\_\_\_

Iba \_\_\_\_\_

---

Aking ipinahahayag na ang impormasyon sa itaas ay tunay at tama. Pinahihintulutan ko ang Konseho ng Mamimili Consumer Council ("Tagapagkatiwala") bilang tagapagkatiwala ng Pondo para sa Ligal na Kilos ng Mamimili ("Pondo") na patunayan ito mula sa anumang panggagalingan. Naiintindihan kong kapag ako ay nagbigay ng anumang maling pahayag o maling representasyon o kapag hindi ako nagbigay ng ganap, tunay at tamang impormasyon sa Tagapagkatiwala kaugnay sa aplikasyong ito, ako ay maaaring kaagad na mawawalan ng karapatan mula sa pagkuha ng ligal na tulong sa pondo at ang anumang ligal na tulong na ibinigay sa akin ay maaaring wakasan kaagad at dapat kong

# markahan ng [X] ang patlang

panagutan ang Tagapagkatiwala laban sa anuman at lahat ng mga pagkalugi, gastos, sinigilin, pinsala at mga pananagutang natamo o maaaring matamo ng Tagapagkatiwala na kaugnay sa o mula sa aplikasyong ito o sa ibinigay na ligal na tulong.

---

Lagda ng Aplikante

---

Petsa

Mahalagang Paunawa:

1. Ang aplikasyong ito ay dapat na samahan ng bayad sa naaangkop na bayad sa aplikasyon na hindi-maibabalik. Mangyaring gumawa ng tseke na babayaran sa **"Consumer Council – CLAF Trust Account"**.
2. Ang pagsusumite ng aplikasyon na ito at kabayaran ng bayad sa aplikasyon ay hindi nagbibigay ng katiyakan na ang ligal na tulong ay ibibigay.
3. Ang bawat aplikasyon para sa ligal na tulong ay nakabatay sa pagiging karapat-dapat at mga kahalagahan. Kapag ibinigay ang ligal na tulong, ang nasabing ligal na tulong ay maaaring wakasan anumang oras ayon sa nakasaad sa Kasunduan.
4. ***Kung ang tinutulungang kaso ay matagumpay, ang aplikante ay mananagot na magbayad ng kontribusyon sa Pondo Ang kontribusyon ay mayroong hangganan: 25% ng Halaga ng Pakinabang na nakuha para sa mga kasong tinukoy sa Hukuman para sa Maliliit na Singilin at 50% ng Halaga ng Pakinabang para sa lahat ng iba pang mga kaso. Ang kalkulasyon ng kontribusyon ay nakasaad sa pamplet ng "Pondo para sa Ligal na Kilos ng Mamimili" at sa "Kasunduan sa Tinutulungang Mamimili".***

### Impormasyon at Personal na Data:

- 1: Sa pagsusumite ng aplikasyong ito, ang aplikante ay sumsang-ayon na ang impormasyon at personal na datang ibinigay ay maaaring gamitin para sa (mga) layunin sa
  - (a) pagpoproseso ng aplikasyon ng aplikante para sa ligal na tulong mula sa Pondo;
  - (b) pagpapatunay ng anumang impormasyon at talaang may kaugnayan sa aplikante;
  - (c) pagsasagawa ng anumang mga pamamaraang pagtutugma sa ibang mga kaso na may magkatulad na mga kalagayan;
  - (d) pagsasagawa at paghawak sa kaso ng aplikante kung ang aplikasyon para sa ligal na tulong ay ipinagkaloob; at/o
  - (e) ibang mga kaugnay na layunin.
  
2. Para sa mga layuning tinukoy sa itaas, ang Tagapagkatiwala ay maaaring magbunyag ng mga impormasyong ibinigay at personal na data sa ibang kasangkot na mga partido sa paksa ng aplikasyon kabilang ang mga abugadong inutusan ng Tagapagkatiwala, mga kasangkot na partido sa kaso ng aplikante at kanilang mga abugado, mga partidong kasangkot sa ibang kasong may katulad na kalagayan, at ibang kaugnay na mga tao, organisasyon at mga awtoridad kabilang ang mga kagawaran ng pamahalaan.
  
3. Ang aplikante ay maaaring humiling na buksan ang personal na data na hawak ng Tagapagkatiwala tungkol sa kanyang sarili at hilingin sa Tagapagkatiwala na iwasto ang nasabing data. Ang Tagapagkatiwala ay maaaring maningil ng makatwirang kabayaran para sa pagpoproseso ng anumang pagbubukas ng data o mga kahilingan sa pagwawasto. Ang naturang mga kahilingan ay dapat gawin sa sulat at ipadala sa Pondo sa 22<sup>nd</sup> Floor, K. Wah Centre, 191 Java Road, North Point, Hong Kong.

01.06.2006